



Para sa mga bungang gulay gaya ng kamatis, talong, ampalaya, mag-isprey ng FPJ ng minsan sa isang linggo



Para sa mga dahong gulay (leafy vegetables) inirerekomenda ang pag-iisprey ng makalawang beses sa isang linggo ng FPJ



Ang polyetong ito ay inilathala ng Department of Agriculture, Regional Field Office-III sa ilalim ng Programa sa Organikong Pagsasaka (Organic Agriculture Program)

Inihanda ng Research Division, RFO-3 sa pakikipagtulungan ng Agricultural Information Section, Regional Office.



Organic Agriculture Program

Paano ang paggawa ng

BOTANICAL

PESTICIDES



Organic Agriculture Program
Department of Agriculture,
Regional Field Office III
City of San Fernando, Pampanga

Botanical Pesticides

Isa sa malaking gastusin ng mga magsasaka ay ang mga pestisidyo. Bukod sa nakasisira ito sa kalikasan, delikado din ito sa mga manggagawa sa bukid at sa mga kumukunsomo ng mga produktong pang-agrikultura.

Ngunit may teknolohiya na ngayon na maihahanda ng isang magsasaka ang sarili niyang pestisidyo na gawa sa mga halaman na kasing-epektibo din ng mga mamahaling kemikal na nabibili. Ito ang tinanatawag na Botanical Pesticide o Bio-pesticides.

Mga gamit sa paggawa ng Biopesticide

Bawang, Luya, dahon ng Neem, dahon ng kakawate, sili, at pulot o asukal na pula.



Ang mga karaniwang sangkap sa paggawa ng biopesticides gaya ng bawang, luya, dahon ng kakawate, neem, sili at pulot o pulang asukal.

Paano Inihahanda

Gayatin ng pino ang mga gamit na sangkap na nabanggit para sa isang kilo. Ilagay sa isang plastic na lalagyan. Ihalo ang isang kilong pulot o tinuaw na asukal na pula.



Ilagay sa plastic na lalagyan ang mgs ginayat na sangkap, lagyan ng isang kilong pulot, takpang ng malinis na papel at tatakan kung kailan inihanda. Ilagay sa isang malilim at malilim na lugar at hayaang umasim o maperment sa loob ng 15 araw.

Takpan ang lalagyan ng isang malinis na papel at talian ng pisi ang paligid at tatakan kung kailan inihanda.

Ilagay sa isang malamig at malilim na lugar ang solusyon at hayaang umasim o maperment sa loob ng 15 araw.

Isalin ang katas sa isang plastic na lalagyan. Medyo luwagan ang takip upang makasingaw ang hangin na mabubuo sa lalagyan.

Pagkaraan ng 15 araw maari nang isalin ang katas ng solusyon sa isang plastic na bote. Medyo luwagan ang takip upang makasingaw ang hangin na naiipon sa plastic na bote.



Paano gimagamit

Ang naihandang solusyon ng Biopesticides ay maari nang gamitin upang masugpo ang mga kaaway na kulisap sa ating taniman. Haluin lamang ang dalawang kutsarang Biospesticide sa isang litrong tubig. Mga isang lata ito ng makiit na sardinas sa 16 na litrong tubig sa pangkaraniwang sprayer.



Magagamit ang Biopesticides sa palay, mais, bungang gulay o dahong gulay. Obserbahan lamang ang presensiya ng mga kulisap sa palayan, maisan o gulayan. Kapag maraming kaaway na kulisap maaring magisprey ng minsan sa isang linggo. Mas madalas ang pag-isprey sa mga halamang gulay.